Sundo

Alisson Shore

Pano na?
'Di na ba tayo lalaban
Hanggang dito na lang ba ang piyesa?
Damdaming sing tayog ng Pisa
Sumandal ka ba sa iba?
Animnapu't isa ang harang
Yung puso ko'y di mapigilan
Apat napu't siyam ang pagitan
Sa ngalan ng pagmamahalan
Sarili ay sina-alang-alang
Sa krus ang tagpuan
Hanap-hanap ay iyong pagkalinga
Sa kasulatang walang lagda

Hindi nga pala, tayo mga bata
Patuloy na maglalayag at tatahakin ang sinumpaan
Di na oras maglaro, ngunit hindi nakalimutang

Tayo'y, dating mga bata
Matayog na ang paglipad, walang hadlang sa sinumpaan
Maamong sinalubong ang pinagkatandaang
Hindi na ba babalikan?

Pagbangon sa umaga
May mensahe man, wala ako ay titirada
Di ko, di na, di ko
Di ko na alam ang gagawin
Mga kilos, inilista
Kilusan na parang bang ako'y may binarada
Di ko, di na, di ko
Di ko na alam ang gagawin

Pagbangon sa umaga
May mensahe man, wala ako ay titirada
Di ko, di na, di ko
Di ko na alam ang gagawin
Mga kilos, inilista
Kilusan na parang bang ako'y may binarada
Di ko, di na, di ko
Di ko na alam ang gagawin

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!